

Oktubre 9, 2020

Pakikipag-ugnay: Reginald Harrison, Director, Disaster Preparedness and Emergency Communications, (562) 570-9450, Reginald.Harrison@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Hinihikayat ng Lungsod ang Mga Residente na Sumali sa Great ShakeOut Earthquake Drill

Long Beach, CA - Hinihikayat ng Lungsod ng Long Beach ang lahat ng mga residente, negosyo, paaralan, at bista na makisali sa “[Great ShakeOut](#)” earthquake drill ngayong taon ng 10:15 ng umaga sa Huwebes, Oktubre 15, upang magsanay magsanay ng kung ano ang dapat gawin sa kaganapan ng isang malaking lindol.

“Ang pandemya, kasama ang mga kamakailang lindol at sunog sa Timog California, ay nagbigay diin ng kahalagahan ng pagiging handa sa oras ng emerhensiya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Inaanyayahan ko ang lahat na sumali sa Great ShakeOut upang matiyak na ikaw at ang iyong pamilya ay may plano at handa sa sakaling magkaroon ng lindol.”

Ang kamakailang lindol na 4.5 na nakasentro sa Lungsod ng San Gabriel ay nagsisilbing paalala na ang pagpapalano at pagiging handa ng lindol ay kinakailangan para sa lahat ng mga residente ng Timog California.

Ang taong ito ay nagdala ng karagdagang elemento ng pakikilahok sa drill habang nagpapanatili ng mga konsiderasyon sa COVID-19 sa isip. Sinusuportahan ng Lungsod ang pakikilahok, lalo na sa oras na ito, dahil ang mga plano at drill ng paglikas ay maaaring mabago upang sundin ang kasalukuyang mga patnubay ng CDC.

Inirerekomenda ng Federal Emergency Management Agency ([FEMA](#)) ang mga sumusunod na aksyon sa panahon ng isang lindol:

- **BUMABA** kung nasaan ka, sa iyong mga kamay at tuhod. Pinoprotektahan ka ng posisyong ito mula sa pagkatumba.
- **TAKPAN** ang iyong ulo at leeg gamit ang isang braso at kamay. Kung ang isang matibay na mesa ay malapit, at kung maaari, gumapang sa ilalim nito para sumilong.
- **KUMAPIT** hanggang tumigil ang pagyanig.

Ang mga residente na may mga isyu sa pagkilos ay hinihikayat na i-download ang [Patnubay sa Paghahanda sa Lindol na ito](#).

Bilang karagdagang sa pakikilahok sa drill ng lindol, ang mga residente ay hinihikayat na maghanda na suportahan ang sarili ng hindi bababa sa limang araw sa kaganapan ng isang malaking insidente. Ang mga residente ay dapat

- Lumikha ng [emerhensiyang plano](#) para sa kanilang tahanan at pamilya.
- Gumawa ng isang [emerhensiyang suplay kit](#), kabilang ang pagkain, tubig, at mga kagamitan.
- Tiyakin na alam ng lahat ng miyembro ng pamilya kung paano makipag-ugnayan sa bawat isa.

Dagdag dito, hinihikayat ang lahat ng mga residente na mag-sign up para sa [AlertLongBeach](#), ang sistema ng paghahatid ng abiso sa Lungsod; i-download ang mga mobile app na [ShakeAlertLA](#) o [MyShake](#) upang makatanggap ng maagang babala ng mga lindol na nagaganap sa Los Angeles County; at alamin ang mga pangunahing diskarteng medikal na pang emerhensiya sa pamamagitan ng pagsasanay sa Community Emergency Response Team ([CERT](#)) o American Red Cross. Upang matuto nang higit pa sa Paghahanda sa Sakuna, ang mga residente ay maaaring bumisita sa longbeach.gov/DisasterPreparedness.

Ang Great ShakeOut ay isang pang-internasyonal na drill ng lindol na nag-aalok sa publiko ng isang pagkakataon na magsanay ng pagiging handa sa lindol at i-update ang mga plano sa emerhensiya upang makatulong na maging handa sa kaganapan ng isang panlindol na aktibidad.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###